## PAGBABASBAS SA TINAPAY

O Diyos, ang Amang Walang Hanggan,
kami ay humihiling sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo,
na basbasan at gawing banal ang tinapay na ito sa mga kaluluwa
ng lahat nila na kakain nito, nang sila ay makakain bilang pag-alaala
sa katawan ng inyong Anak, at patunayan sa inyo,
O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila ay pumapayag
na taglayin sa kanilang sarili ang pangalan ng inyong Anak,
at lagi siyang aalalahanin at susundin ang kanyang mga
kautusan na ibinigay niya sa kanila; nang sa tuwina ay
mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila. Amen.

# PAGBABASBAS SA TUBIG

O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, kami ay humihiling
sa inyo sa pangalan ng inyong Anak, na si Jesucristo,
na basbasan at gawing banal ang tubig na ito sa mga
kaluluwa ng lahat nila na iinom nito, nang ito ay kanilang
magawa bilang pag-alaala sa dugo ng inyong Anak, na nabuhos
alang-alang sa kanila; nang kanilang mapatunayan sa inyo,
O Diyos, ang Amang Walang Hanggan, na sila sa tuwina
ay aalalahanin siya, nang mapasakanila ang kanyang Espiritu
upang makasama nila. Amen.

(Sacrament Prayer Card Tagalog) 10/80 (04/96) 33133 893
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika